

Buhay Pananampalataya

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Hab1:2-3; 2:2-4)

¹PANGINOON, hanggang kailan ako daraing sa iyo, at di mo diringgin? Hanggang kailan mo babayaang mamayani ang karahasan? ³Bakit ang ipinakikita mo sa akin ay pawang kasamaan at kahirapan? Sa magkabi-kabila'y nagaganap ang pagwasak at ang karahasan; laganap ang hidwaan at pagtatalo. ²At ito ang tugon ng Panginoon: ^{3c}“Isulat mo ang pangitain; isulat mong malinaw sa mga tapyas ng bato, upang madaling mabasa at ibalita sa lahat. Sapagkat hindi pa dumarating ang takdang panahon upang maganap ang pangitain; mabilis na dumarating ang wakas—hindi ito maliliban. Ngunit tiyak na magaganap, kung ito ma'y nagtatagal. ⁴Masdan mo, ang hambog ay mabibigo sa kanyang kapalaluan, ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa kanyang katapatan.”

Tema: Ang Pangitain (Madugo'ng) ni Habakuk

PAGPAPALIWANAG

- Nahulaan ni Habakuk ang kamatayang ni Haring Osias (600 BCE).
- Ang mga panaghoy ng propeta, nabulalas dahil hindi n'ya makaya ang kanyang mga nakikita. Lubhang nakakapanggilalas! Terrible!
- Sa bb. 2-3 isa-isahin natin ang mga nakita ni Habakuk: kalupitan, pinsala, paghihirap, pagkawasak, karahasan, away, sigalot.
- Sa b.2 ang pagpapahayag ng propeta ng kawalang pag-asa. Siya ay bigo sa katahimikan ng Diyos. Inakusahan niya ang Diyos na hindi nakikinig.



- Sa kab 2:2, sa katapusan ay sinagot ng Diyos ang mga propeta at binigyan ng panuto.
- Para maisulat ang pangitain ng malinaw...
- Sa b.3 ilarawan ang natural ng pangitain: mayroon itong oras, ito ay siguradong darating, hindi nabibigo, kung huli (maghintay para rito).
- Sa b.4 ang kaibahan ng padalos dalos na tao (walang integridad) at ang taong matuwid (may pananampalataya, mabubuhay).
- kailangan natin magbiigay ng atensyon sa “pananampalaya” sapagkat ito ang magiging tema sa Lingguhang liturhiya.

PAGNINILAY

Ang mga matuwid, ang mga may pananampalataya ay maliligtas. Ang mga masasama ay maglaho.

Ang pangitain ng propeta ay babala sa mga nabubuhay na hindi maayos ang buhay, udyok para sa mga matutuwid na may pananampalataya sa Diyos.

SALMONG TUGUNAN (Slm 94)

**PANGINOO'Y INYONG DINGGIN, HUWAG
N'YO S'YANG SALUNGATIN.**

IKALAWANG PAGBASA (2Tim 1:6-8, 13-14)

⁶PINAKAMAMAHAL KO, ipinaaalaala ko sa iyo na maging masigasig ka sa pagtupad sa tungkuling tinanggap mo sa Diyos nang ipatong ko ang aking mga kamay sa ulo mo. ⁷Sapagkat hindi espiritu ng kaduwagan ang ibinigay sa atin ng Diyos kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig, at pagpipigil sa sarili.

⁸Kaya't huwag mong ikahihiya ang pagpapatotoo tungkol sa Panginoon o ang aking pagkabilanggo dahil sa kanya. Sa halip, makihati ka sa kahirapan dahil sa Mabuting Balita.

¹³Gawin mong batayan ang mga aral na itinuro ko sa iyo yamang ang mga ito'y pawang katotohanan. Manatili ka sa pananampalataya at sa pag-ibig na tinanggap natin sa pakikipag-isa kay Kristo Hesus. ¹⁴Sa tulong ng Espiritu Santong nananahan sa atin, ingatan mo ang lahat ng ipinagkatiwala sa iyo.

Tema: Ang Biyaya ng Diyos

PAGPAPALIWANAG

- Hinihikayat ng apostol na si San Pablo si Timoteo na paalabin ang biyaya ng Diyos (ipagpaningas sa liyab, b.6).
- Ang biyaya ng Diyos ay nakipag-usap sa kanya sa pamamagitan ng pagpatong ng mga kamay sa ulo (kumpil).
- Ang biyaya ng Diyos ay Espiritu ng kapangyarihan, pagmamahal at kontrol sa sarili, hindi espiritu ng pagkahiya.
- Sa b.8 ipinakita ang mangyari kung pinahihintulutan ni Timoteo na kumilos ang biyaya ng Diyos:
- hindi nahihiya na magpatotoo sa Panginoon, sa kay Pablo.
- handang tumanggap ng paghihirap gaya ni Pablo dahil sa ebanghelyo.
- Sa b. 13 inilahad ang sukatan (pamantayan, sukatan sa kabanalan) = ang mapagpalayang salita ni Pablo, kanyang mga turo.
- “Sa pananampalataya at pagibig...” pinahayag ang salitang “tanggapin.”
- Sa b.14 ipinahayag ang “buong tiwala” (buong pananalig at pagtitiwala).

PAGNINILAY

Pinaalalahanan tayo ni Pablo na gawing buhay ang biyaya ng Diyos. Ang biyaya ng Panginoon ay isang bagay na binabahagi. Ito ay isang enerhiya na nag-uudyok sa atin na makapagbigay ng testimoniya, upang makapagsalita para sa Diyos.

MABUTING BALITA (Lc 17:5-10)

Pananampalataya

NOONG panahong iyon, ⁵sinabi ng mga apostol sa Panginoon, “Dagdagan po ninyo ang aming pananalig sa Diyos!” ⁶Tumugon ang Panginoon, “Kung maging sinlaki man lamang ng butil ng mustasa ang inyong pananalig sa Diyos, masasabi ninyo sa puno ng sikomorong ito, ‘Mabunot ka, at matanim sa dagat!’ at tatalima ito sa inyo.

Bilang mga Alagad

⁷“Ipalagay nating kayo’y may aliping nag-aararo, o nagpapastol kaya ng tupa. Pagkagaling niya sa bukid, sasabihin ba ninyo sa kanya, ‘Halika at nang makakain ka na?’ ⁸Hindi! Sa halip ay ganito ang sinasabi ninyo: ‘Ipaghanda mo ako ng hapunan; magbihis ka, at silbihan mo ako habang ako’y kumakain. Kumain ka pagkakain ko.’ ⁹Pinasasalamatan ba ang alipin dahil sa ginawa niya ang iniutos sa kanya? Gayun din naman kayo; kapag nagawa na ninyo ang lahat ng iniutos sa inyo, sabihin ninyo, ‘Kami’y mga aliping walang kabuluhan; tumupad lamang kami sa aming tungkulin.’”

Tema: Pananampalataya

PAGPAPALIWANAG

- Ang ebanghelyo ay tungkol sa dalawang bagay: pananampalataya at pagiging lingkod. Ito ay parang koneksyon sa pagitan ng dalawa.
- Sa b.5 tinanong ng mga apostol ang Panginoon na palaguin ang kanilang pananampalataya. Bakit? Ang kanila bang papampalataya ay maliit at mahina?
- Si Hesus ay bumigkas ng maikling talinhaga

upang maipakita kung ano ang kayang gawin ng pananampalataya kahit gaano kaliit ito.

- Ang buto ng mustasa ay lubhang maliit, ang puno ng sikomoro ay higit na malaki.
- Kapag ikaw ay may pananampalataya, kahit itong maliit, kaya mong gawin ang imposible.
- Sa pamamagitan ng tanong, sa b.7 itinuring ang mga apostol na mga amo: “sino sa inyo ang magsasabi sa iyong mga alila”... magsasaka o pastol?
- Ang inaasahang sagot: wala.
- Sa ibang tanong, sa b.8, hindi pahihintulutan ng amo ang kanyang utusan na sumabay sa kanya’ng kumain, sa halip ay nag-utos na maghanda ng pagkain at magsilbi sa mesa. Ang utusan ay kakain pagkatapos.
- Ang inaasahang sagot: sang-ayon ako.
- Sa b.9, ibang tanong ay binitawan tungkol sa pagpapasalamat ng amo.
- Ang inaasahang sagot: Hindi. Ang amo ay walang utang na loob sa kanyang mga utusan.
- B.10 nagbigay ng konklusyon sa tatlong katanungan. Ibig sabihin, katulad ng mga apostol, bilang utusan at hindi magnanais ng espesyal na trato mula sa amo.

PAGNINILAY

Ang Ebanghelyo ay patungkol sa kapangyarihan ng pananampalataya. Kahit gaano kaliit, ito ay may kapangyarihang gumawa ng mga imposible. Ang panananampalataya ay isang biyaya mula sa Diyos. Kung nararamdaman natin na hindi sapat ang ating pananampalataya, manalangin tayo na ito ay palaguin (maging malakas). Ang matibay na panananampalataya ay maari nating maging lakas sa panahon ng pagsubok at sa ating trabaho bilang mga misyonaryo at mga lingkod ng kaharian.

Lahat ng mga Kristiyano ay katulad ng mga apostol, mga lingkod ng Panginoon.

Maaari lamang tayong magpahinga (kumain at uminom) pagkatapos sabihin ng Panginoon.

Hindi dapat umasa ang mga Kristiyano sa anumang kapalit. Tayo ay parang mga walang kwentang mga lingkod, na hindi karapat-dapat para humingi ng gantimpala. Walang utang na loob sa atin si Hesus.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa pangitain ng karahasan, ngunit ito ay may mahalagang paalala sa mga may pananampalataya. Sila ay makakaligtas.

Ang Ikalawang Pagbasa ay tungkol sa pagpapakilos ng biyaya ng Diyos. Sa ating pananampalataya at pagmamahal kay Kristo Hesus, kailangan nating makinig sa Diyos.

Ang Ebanghelyo ay tungkol sa pananampalataya at pagiging lingkod.

III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayon ay kapistahan ng Ina ng Banal na Rosaryo.

2. Ano ang ibig sabihin ng pananampalataya? Bakit tinatawag din ang sambayanan na mananampalataya.

3. Batid mo na ba ang mga pinuno na dapat tularan? (HM)

Pagpaliwanag: **Fr. Cielo Almazan, OFM**
Isinalin ni Jeyel B. Barisoro

(Pangwakas na Panalangin, pahina ii)